



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 08 JANUARY 1996, 9:00 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Baticos	- Member
Kagawad Ferdinand V. Talans	- Member
Kagawad Angeles D. Bautista	- Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	- Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Member
Kagawad Ranulfo C. Bernal	- Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	- Member, ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- Member, SK Chairman

Absent:

NONE

KAPASYAHAN BLG. 001
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PROVINCIAL DIRECTOR AT PNP SUPERINTENDENT, CALAPAN, SILANGANG MINDORO NA IBALIK SA TANGGAPAN NG PNP, ROXAS, SILANGANG MINDORO ANG PAG-IISYU NG POLICE CLEARANCE SA MGA MANAMAYAN NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T nakatanggap ng mensahe sa radyo mula sa Provincial Command ang PNP ng bayang ito tungkol sa pag-iisyu ng police clearance na inalis sa lokal na pulisya at inilagay sa tanggapan ng Provincial Command sa Calapan, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T ang mensaheng ito ay lubhang nakabigla sa mga manamayan at sa pamunuang lokal na siyang pinagtuunan ng reklamo at hinaing ng mga taong sangkot sa pagkuha ng nasabing police clearance;

SAPAGKA'T ang distansya ng bayan ng Roxas sa kabisera ng lalawigan, ang Calapan, ay 147 kilometro at sa isang mahirap na manamayan ng Roxas, ang pagpunta rito para kumuha ng police clearance ay isang dagdag na pagpapahirap sa pera, panahon at lakas kung saan ito ay magugigol pa sa ibang mga kapa-ki-pakinabang na bagay unang-una na sa paghahamp-buhay;

SAPAGKA'T ang ganitong sistema ay dapat magkaroon ng malawakang impormasyon sa mga manamayan upang maipaliwanag nang maayos at maunawaan ng mga taong sangkot at upang maibsan ang hindi magandang sasabihin bunga ng di pag-uunawaan;

SAPAKKA'T napagkaisahan ng Sangguniang Bayang ito na ipaabot sa kinaaukulang awtoridad ang dandanin at kahilingan ng mga mamamayan na ibalik sa Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang pag-iisyu ng police clearance sa mga kinaaukulan upang hindi lubhang maging mahirap sa tamang pinansyal gayundin sa mga di-kanais-nais na ~~pagpapasyaring~~ kaakibat ng mga paglalakbay.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ramulfo C. Bernal na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA TULAD ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Provincial Director at PNP Superintendent ng Silangang Mindoro na ibalik sa Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang pag-iisyu ng police clearance sa mga kinaaukulang mamamayan upang hindi na ito maging pabigat pang dalahin lalo na sa mga lubhang mahihirap nating kababayan.

IPINASIYA KIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Provincial Director at PNP Superintendent Eduardo P. Sebastian, Provincial Headquarters, Calapan, Silangang Mindoro para sa masusing pag-aaral at pagbibigay-konsiderasyon sa kahilingang ito.

Pinagtibay.

08 Enero 1996

CERTIFIED CORRECT:

[Signature]
VIOLETA E. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

[Signature]
JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

[Signature]
GELACIO L. YASON
Municipal Mayor

meze/